Ika-8 ng Jumadah I, 1436 AH

## SA NGALAN NG ALLAH ANG PINAKAMAAAWAIN, PINAKAMAHABAGIN

# TUNGO SA ISANG NAGBABASANG LIPUNAN

Papuri sa Diyos, ang Panginoon ng mundo na gumawa mula sa karunungan ng pangunahing elemento para sa kaunlaran ng mga nasyon at kasaganaan ng mga kultura. Hinimok Niya ang Kanyang mga tao na magsikap para sa karunungan gamit ang lahat ng lakas at kakayahang mayroon sila. Sumasaksi ako na walang Diyos na karapat-dapat sa pagsamba maliban sa Allah, at sumasaksi ako na si Muhammad ay Kanyang tagapaglingkod at mensahero. Ipinadala siya ng kanyang Diyos bilang gabay para sa mga tao at upang itaguyod sa kanila ang pagkamit ng karunungan at pagkatuto. Gawaran nawa siya ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) ng kapayapaan at karangalan, at pati ang kanyang pamilya at mga kasama, at sinumang sumunod sa kanyang mga turo at nanindigan sa kanyang mga paraan hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

O Mga Tagapaglingkod ng Allah (Subhanahu wa ta`ala)

Matakot sa Allah (Subhanahu wa ta`ala), dahil ang pagkakaroon ng takot sa Kanya ay ay magliligtas sa inyo mula sa mga pagpapatahimik at magsasanggalang sa inyo mula sa pagsubok. [O kayong mga naniniwala, kung takot kayo sa Allah, gagawaran Niya kayo ng kriterion at tatanggalin mula sa inyo ang inyong mga masasamang gawa at patatawarin kayo. At ang Allah ang may hawak ng napakalaking kapagbigayan] (Surat Al-'Anfāl-29). Dapat ninyong malaman, gawaran nawa kayo ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) ng tagumpay, na ang pagsisikpa na matamo ang karunungan ay ang pinakamahusay na bagay na paggugugulan ninyo ng inyong araw, at ang pinakamahusay na gawain na ipupuno ninyo sa inyong oras. Pinuri ng mga teksto ng Banal ng Koran at ng Sunnah ang mga kalamangan ng karunungan at mga marurunong na tao (edukado), at humimok tungo sa pagkatuto at pagkamit ng karunungan. Pinarangalan ng Makapangyarihan Diyos ang nasyon na ito at binigyan ito ng katangian ng karunungan at pagtatrabaho. Sa katunayan, ang karunungan ang dahilan kung bakit naitataguyod ang mga kaluwalhatian at namamalagi ang mga sibilisasyon. Kahit ang isang Muslim ay kayang magtaguyod ng kanyang sariling personalidad, maging totoong tagapaglingkod ng Allah (Subhanahu wa ta`ala), at

magbigay sa kanyang pamilya, lipunan, at nasyong kanyang kinabibilangan ng anumang mabuti, sa pamamagitan lamang ng karunungan. Ngunit, hanggang namamayani ang kamangmangan sa isang nasyon, sisirain nito ang mga haligi at istruktura nito. Ito ang dahilin kung bakit ang unang ipinagtatanggol ng Islam ay ang pagpuri sa kahalagahan ng karunungan, at kung bakit ito ginawang pangunahing elemento sa pagtaguyod ng mga pagkakakilanlan ng indibidwal at pagbuo ng mga komunidad nito. Sinabi ng Makapangyarihan Diyos sa unang surat (kabanata) ng Banal na Koran [Bumigkas sa ngalan ng inyong Panginoon na lumikha – Lumikha sa sangkatauhan mula sa kumakapit na sangkap. Bumigkas, at ang inyong Panginoon ay ang Pinakamapagbigay – Na nagturo sa pamamagitan ng pagsulat – Nagturo sa mga tao ng hindi nila nalalaman] (Surat Al-`Alaq/1-5). Sia, Luwalhati sa KanyaHe, ay nagbigay-diin din sa posisyon ng mga marurunong na tao nang sinabi ng Makapangyarihan na [O kayong mga naniniwala, kapag sinabi sa inyong, "Magbigay ng puwang sa inyong mga sarili " sa mga pagtitipon, gumawa ng puwang; bibigyan kayo ng Allah ng puwang. At kapag sinabi sa inyong, "Tumayo," tumayo; itatayo ng Allah ang mga naniniwala mula sa inyo at iyong mga binigyang-karunungan, sa ilang antas. At alam ng Allah ang inyong mga ginagawa] (Surat Al-Mujādila/11).

O Mga Naniniwala

Sinumang nagsiyasat sa buhay/talambuhay ng Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) (Al-sīra al-Nabawiyya) ay malalaman na ang Mensahero ng Allah (Salla Allahu alayhi wa sallam) at kanyang mga kasama ay tumugon sa banal na utos na ito. Samakatwid, iniukol nila ang kanilang mga sarili sa pagbabasa at pagsusulat dahil alam nila ang masaganang epekto nito sa buhay sa pangkalahatan. Kung nalalaman lang natin kung gaano kasigasig ang Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) sa bagay na iyon (pagbabasa at pagsusulat). Dahil dito, pagkatapos ng labanan ng Badr, sinabi ng Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) na bibigyan ng kalayaan ang ilang bilanggo sa pamamagitan ng pagtuturo sa 10 Muslim na magbasa at magsulat. Kaya noong siya ay namatay, nag-iwan ang Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) ng maraming sulatin ng rebelasyon na pumasan ng gawain ng pagsusulat at pagtatala ng Banal na Koran. Bukod dito, sa panahon ng buhay ng Mensahero ng Allah (Salla Allahu alayhi wa sallam), gawaran nawa siya ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) ng kapayapaan at karangalan, maraming mga mensahe at tipan na naisulat. Kaya, ito ang paraan kung paano ang maraming mga Muslim na

mula sa pagiging mangmang ay naging marurunong, at ang mga agham ng Islam ay kumalat sa lahat ng mga bansa ng mundo at inilawan sila ng karunungan at mga agham.

O Mga Muslim

Ang mga pinakamakapangyarihan sa mundong ngayon ay hindi nagkaroon ng ganoong kapangyarihan mula lamang sa lakas ng kanilang militar o kanilang pangingibabaw sa ekonomiya. May pantay na kontribusyon sa kapangyarihang ito ang karunungan at mga agham na kanilang nagawa. Ito ang dahilan kung bakit ang mga Muslim ay dapat tumayo at magkaroon ng kontribusyon sa iba't-ibang aspeto ng agham. Sa katunayan, maraming paraan upang gawin ito, at pinakamahusay ay ang pagtuturo sa ating mga anak na magsulat, at paghimok sa kanila na gawin ito. Ito ay magpapahusay ng mga magagandang katangian sa kanila tulad ng kagitingan, katapatan, pagpili sa pagiging makatuwiran, kabaitan, pag-ibig sa karunungan, pagkakaroon ng pasensya, atbp.

Kaya gabayan natin ang ating mga anak sa kapaki-pakinabang na pagbabasa, at simulan natin ito sa pagtuturo sa kanilang mahalin ang mga libro sa pamamagitan ng pagturing dito bilang isang mahalagang regalo na dapat basahin ng anak. Dapat tayong gumawa ng paligahan para sa mga bata sa paraang magiging mahalaga sa kanila ang libro.

Ang mahusay na libro ay hindi iyong mga kalamangan ay limitado para sa mga nabubuhay. Dapat na ito ay kapaki-pakinabang para sa Muslim kahit kapag siya ay patay na. Iniulat sa Hadith ng Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) (Kapag namatay ang isang tao, natatapos ang kanyang mga gawain maliban sa tatlong bagay: Sadaqah Jariyah (walang-katapusang kawanggawa); kapaki-pakinabang na kaalaman, o birtuosong pinag-apuhan na nagdarasal para sa kanya (para sa namatay). Dapat tayong magbasa sa ating mga anak kahit pa ilang minuto lang sa isang araw (ang pinakamahusay sa lahat ng mga gawain ay iyong tumatagal, kahit na kakaunti lamang ito) tulad ng ating pakikipaglaro sa kanila. Dapat tayong maglaan ng oras sa pagbabasa upang maging masayang gawain ito (pagbabasa) para sa kanila, tulad ng paglalaro. Ito ang paraan upang ipakilala ang mga libro sa mga bata, at upang magsimula silang humingi nito.

O kayong mga ama, kailangang ninyong ituro sa inyong mga anak na mahalin at bigyang-halaga ang mga libro, na importanteng bahagi ng trabaho ng pag-aaruga sa

kanila. Sinabi ng Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) (Bawat isa sa inyo ay tagapagbantay, at responsible sa mga ipinagkatiwala sa kanya).

O Mga Kapatid sa Pananampalataya

Kabilang sa mga pinakamahahalagang paraan upang himukin ang mga maliliit na batang magbasa ay ang pagiging modelo para sa kanila. Hindi magugustuhan ng mga bata ang magbasa kung hindi ito ginagawa ng mga magulang. Sinabi ng Makapangyarihan Diyos [O kayong mga naniniwala, bakit ninyo sinasabi ang hindi ninyo ginagawa?] (Surat Aṣ-Ṣaf/2).

O mga ama, dapat ninyong gugulin ang ilang oras ninyo sa pagababasa at maging maingat sa pagpili ng mga kapaki-pakinabang na libro para sa inyong sarili at inyong mga anak. Bawat isa ay dapat na mayroong aklatan sa bahay, kahit maliit lamang, dahil sa pamamagitan nito, kayo at pati mga miyembro ng inyong pamilya ay magkakaroon ng interes sa pagbabasa ng mga librong naroroon. Dahil dito, ang pagbili ng mga libro at pagkuha ng mga benepisyo mula sa mga ito ay ang unang hakbang sa pagkatuto. Sinabi ng Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) (Ginagawang madali ng Allah ang landas patungong Jannah (langit) para sa taong naglalakbay dito sa paghahanap ng karunungan). Kabilang sa mga pinakamahahalagang pagsisikap, mga tagapaglingkod ng Allah (Subhanahu wa ta`ala), ay ang paghimok sa pagbabasa sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga libro bilang walang-katapusang kawanggawa upang maging paraan ito, para sa Diyos, para sa mga taong naghahanap ng karunungan. Sa katunayan, maaari itong makamit sa pamamagitan ng mga pilantropo na nagbubuklod upang magtaguyod ng mga malilit na aklatan sa pamayanan na maaaring puntahan ng mga tao, lalo na noong mga walang kakayanang bumili ng mga libro. Sa gayon, maaari silang manghiram ng mga libro at magsanay na magbasa. Ang mga maliliit na bata ay dapat na magkaroon ng paraan upang makapunta sa mga aklatang ito upang maging mahalaga ito (mga aklatan) sa kanila kasama ng mga libro.

Kaya mga tagapaglingkod ng Allah (Subhanahu wa ta`ala), matakot sa Allah (Subhanahu wa ta`ala) at subukang bigyang inspirasyon ang mga bata sa kapaki-pakinabang na pagbabasa sa lahat ng aspeto at anyo nito. Subukang maging halimbawa na maaaring sundan sa pagbabasa at pagpili ng mga mahuhusay na libro. Sa katunayan, ito ang paraan ng paglikha para sa kanila ng landas tungo sa maliwanag at masayang kinabukasan.

Sasabihin ko itong aking sariling kasabihan, at humihingi ako ng kapatawaran mula sa Allah (Subhanahu wa ta`ala) para sa akin at sa inyo, at sa lahat ng mga Muslim, kaya humingi kayo ng kapatawaran sa Kanya, at Siya ang Tagapagpatawad, ang Maawain, at tumawag sa Kanya at Siya ay tutugon sa inyo, dahil ang Allah (Subhanahu wa ta`ala) ang Pinakamapagbigay.

*********************************

Papuri sa Allah (Subhanahu wa ta`ala), na nagturo sa pamamagitan ng pagsulat, nagturo sa tao ng hindi nila alam. Sumasaksi kami na walang ibang diyos maliban sa Allah, ang Nag-iisa, walang katambal. At sumasaksi ako na si Muhammad ay Kanyang marangal na tagapaglingkod at mensahero. Siya ang gabay ng sangkatauhan at guro ng lahat ng tao. Gawaran nawa siya ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) ng kapayapaan at karangalan, at pati ang kanyang pamilya at mga kasama at sinumang sumunod sa kanyang mga turo at nanindigan sa kanyang pamamaraan hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

O Mga Muslim

Ipinadadala ko ang aking mga tapat na pagbati mula sa pulpitong ito (minbar) sa mga taong nagsikap sa sarili na natutong magbasa at magsulat, at nag-ukol ng kanilang mga sarili sa malawakang pagbabasa, sa mga nagsamantala sa lahat ng pagkakataon upang matuto. Tuwing nakakaalam sila ng mga pagtatanghal ng libro o pagsasanay sa anumang aspeto ng kaalaman, hindi sila nag-aatubiling sumali rito bilang bisita o kalahok. Sa katunayan, ito ang uri ng taong naglalagay ng layunin para sa kanyang sarili at sumusunod sa lahat ng paraan upang makamit niya ito. Gaano kabuti ang taong ito sa kanyang sarili! [Sinumang gumagawa ng matuwid, maging lalaki o babae, habang siya ay naniniwala – Siguradong bibigyan Namin siya ng magandang buhay, at siguradong ibibigay Namin sa kanila ang kanilang gantimpala [sa Kabilang-buhay] nang ayon sa pinakamahusay na kanilang ginagawa dati] (Surat An-Naĥl-97).

Sa kabilang banda, may ilang tao na an tanging nais ay maghanap ng paraan para sa kagalingan ng pisikal na katawan tulad ng mga nakakapreskong inumin, magagarang damit, kumportableng bahay, mararangyang kotse, atbp. Hindi sila nagbibigay ng panahon para magsulat ng ilang salita, mahuhusay na kasabihan, o mga isyu tungkol sa agham o batas. Mayroon ding uri ng tao na masyadong malupit

sa kanyang sarili at pinagdaramutan niya ito ng sustansyang pang-ispiritwal. Kaya, hindi siya nagbabasa ng Banal na Aklat [At sinabi ng Mensahero, "O aking Panginoon, tunay nga na ang aking mga tao ay nagpabaya sa Koran”] (Surat Al-Furqān-30).

O kayong mga kabataan, ano ang klase ng pag-aaruga ang ibinibigay ninyo sa inyong mga sarili at ano ang paraang inyong sinusundan sa pagpapatibay ng inyong pananampalataya at pagpapaunlad ng inyong kultura? Narinig na ba ninyo ang mga salitang ito ng piniling Propeta (Salla Allahu alayhi wa sallam) (Dapat ninyong ibigay sa lahat ang para sa kanila)?

O mga tagapaglingkod ng Diyos, matakot sa Allah (Subhanahu wa ta`ala) at piliin para sa inyong mga anak at inyong sarili ang mga kapaki-pakinabang na libro. Maging halimbawa para sa kanila sa pagbabasa at gawing walang-katapusang kawanggawa ang libro. Banggitin nating lahat ang dalangin na sinabi sa atin ng Kapuri-puri at Dakilang Allah (Subhanahu wa ta`ala) “O Allah dagdagan ang aking karunungan, O Allah dagdagan ang aking karunungan, O Allah dagdagan ang aking karunungan”.

Kaya, ipadala ang inyong pagpapala sa pinuno ng mga Mensahero (Salla Allahu alayhi wa sallam), tulad ng utos sa inyo ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) sa Banal na Aklat na sa pamamagitan ng pagsasabi ng: [Tunay nga, ang Allah at ang Kanyang mga Anghel ay nagpadala ng mga pagpapala sa Propeta. O kayong mga naniniwala! Magpadala ng mga pagpapala sa kanya at salubungin siya (na may) mga pagbati] ( Surat Alhazab 56).

O Allah! Ipadala Mo ang Iyong awa kay Muhammad at sa pamilya ni Muhammad, tulad ng pagpapadala Mo ng Iyong awa kay Ibrahim (Abraham) at sa pamilya ni Ibrahim (Abraham). At ipadala Mo ang Iyong mga pagpapala kay Muhammad at sa pamilya ni Muhammad, tulad ng pagpapadala Mo ng Iyong mga pagpapala kay Ibrahim (Abraham) at sa pamilya ni Ibrahim (Abraham). Tunay na ikaw ang Pinaka-karapatdapat sa Papuri, Pinakadakila.

O Allah! Malugod nawa sa kanyang mga Makatuwirang Kalipa, kanyang mga asawa at ina ng mga naniniwala, kanyang mga kasama at lahat ng mga naniniwala, lalaki at babae sa Araw ng Paghuhukom, at malugod rin sa amin sa Iyong Awa, O Pinakamaawain.

O Allah! Pagpalain ang aming pagtitipon dito ngayon, at nawa'y humayo kami sa kapayapaan at sa proteksyon mula sa kasalanan, at huwag kaming gawing nagkukulang sa aming relihiyon.

O Allah! Hinihingi namin sa Iyo ang gabay, debosyon, kalinisang-puri, at kayamanan.

O Allah! Hinihingi namin sa Iyo na gawaran ang bawat isa sa amin ng tapat na dila, ng mapagpakumbaba at nagsisising puso, ng mga mabubuting gawain, ng kapaki-pakinabang na kaalaman, ng matatag na paniniwala, ng dalisay na pananampalataya, at ng matuwid at pinagpalang kabuhayan. O Allah, Ikaw ang Pinakadakila at Pinakamarangal.

O Allah! Gawaran nawa ng kaluwalhatian ang Islam at mga Muslim! At gawaran ng suporta at pagkakaisa ang Islam at mga Muslim, O Allah! Pahulugin ang mga maniniil at hindi naniniwala. O Allah! Gawaran nawa ng kapayapaan at seguridad ang lahat ng iyong mga tagapaglingkod.

O Allah! Gawaran ng seguridad ang aming mga tinubuang lupa! Gawaran kami ng tumatagal na kaligtasan at katatagan sa aming tinubuang lupa! Gawaran ng kaluwalhatian ang aming Sultan at suportahan siya ng katotohanan at gawin siyang gabay sa katotohanan.

O Allah! Padalhan kami ng ulan mula sa kalangitan at gawin kaming isa sa mga nakakaalala sa Iyo sa araw at gabi, at isa sa mga naghahangad ng Iyong kapatawaran sa gabi at madaling-araw.

O Allah! Padalhan kami ng mga pagpapala ng kalangitan at kasaganaan ng lupa, at pagpalain ang aming mga prutas at pananim at ang aming buong kabuhayan. O Allah, Ikaw ang Pinakadakila at Pinakamarangal.

O Allah! Bigyan kami ng kabutihan sa mundong ito at sa kabilang-buhay, at protektahan kami mula sa parusa ng Apoy."

O Allah! Huwag hayaang ang aming mga puso ay tumalikod matapos Mo kaming gabayan, at gawaran kami ng Iyong awa. Tunay nga, Ikaw ang Tagapagpakaloob.

O Allah! Nagkamali kami sa aming mga sarili, ang kung hindi Mo kami patatawarin at hindi kami bibigyan ng awa, siguradong magiging isa kami sa mga talunan."

O Allah! Patawarin ang lahat ng mga naniniwalang lalaki at babae, ang mga nabubuhay pa at mga nangamatay na, at Ikaw ang Pinaka-nakikinig at Pinaka-tumutugon.

Mga tagapaglingkod ng Allah (Subhanahu wa ta`ala)! “Ipinag-uutos ng Allah (Subhanahu wa ta`ala) ang hustisya, ang paggawa ng mabuti, at kagandahang-loob sa mga kaibigan at kamag-anak, at ipinagbabawal Niya ang lahat ng mga nakakahiyang gawain, at kawalang-hustisya, at paghihimagsik: Ipinag-uutos Niya sa iyo, upang sa gayon ay iyong maalala.”